Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

716

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 20, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO:

Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

**KAPASIYAHAN BLG. 144-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI GNG. MARITA SANTOS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO, NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (TWO-COCK DERBY) SI G. RENE SANTOS SA HULYO 31, 2009.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Marita Santos na makapagdaos ng pasabong ( two – cock derby) si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Hulyo 31, 2009;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Oscar F. Feliciano ( Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Marita Santos, Pangkalahatang Tagapamahala, Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito, na makapagdaos ng pasabong (two-cock derby ) si G. Rene Santos sa Hulyo 31, 2009.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Paglilisensya at Permiso, Kagawaran ng Pulisya at Pangkalahatang Tagapamahala ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: ORIGINAL SIGNED

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan